# 1

"Dora!"

May galit na ang timbre ng boses ni Louella matapos ang ilang beses nang pagtawag niya sa katulong. Mayamaya ay pumasok na sa bedroom niya ang isang dalagita.

"Ilabas mo na mga gamit ko! Dalhin mo na sa kotse! Bilisan mo! Male-late na 'ko!" sigaw niya.

Dali-dali namang dinampot ni Dora ang mga gamit na nasa kama at kaagad ding lumabas ng silid niya.

"Hmp! Tonta!" mariing bulong niya sa sarili pagkalabas ng dalagitang tinutukoy. Bumalik siya sa kanyang tokador at tiningnan ang reflection niya sa salamin. Mabagsik ang mukha niyang nakalarawan doon. Salubong ang mga kilay at matatalim ang mata.

Kung tutuusin, kahawig niya ang inang si Doña Luisa kung hindi nga lang siya mukhang pinagtakluban ng langit at lupa. Bigla tuloy niyang naalala ang yumaong ina. Maamo ang mukha nito, mala-anghel ang mga ngiti at mapang-akit ang mga

mata.

Napabuntong-hininga na lang siya saka itinuloy ang nabinbing pagme-make-up. Nagmamadali nga pala siya.

Matapos mag-ayos ng sarili ay kaagad siyang lumabas ng silid at dumerecho sa komedor kung saan nagbe-breakfast ang ama.

"Good morning," magiliw na bati nito nang makita siya. Napansin nito ang hitsura niya. "Mukhang masama na naman ang gising ng baby ko, ah?"

"Dad, please?" Ayaw na niyang maalala ang nagpainit sa ulo niya. "Aalis na ako. Nandiyan na ba ang driver?"

Napailing ang don. "Wala ang mga driver, hija. May seminar sila sa agency ngayon, remember?"

"What? You mean, magda-drive ako ngayon? Naman! Bakit ngayon pa sila nag-seminar? Nagmamadali pa naman ako," angil niya sabay bagsak ng dalang handbag sa mesang kinakainan ng daddy niya.

"Hija, please. You're being unreasonable. Hindi naman nila kasalanan na ngayon ang schedule ng

seminar nila. And besides, nagpaalam naman sila sa atin ahead of time," malumanay pa rin na paliwanag nito. "If you want, ipagmamaneho na lang kita."

"'Wag na po, Dad. Ako na lang. I can manage," tanggi niya. Dinampot niya ang handbag at lalabas na sana patungo sa kotse niya nang may bigla siyang naalala. Kaagad siyang bumalik sa kinaroroonan ng ama. "Dad, I'm sorry." She kissed her dad's forehead. "'Bye, see you later," paalam niya.

Ngumiti lang ang matanda, umuunawa.

Bago tuluyang lumabas si Louella ng bahay ay nilingon niya ang ama. Nakatingin pa rin ito sa kanya. Nakangiti. Hindi niya makuhang gantihan ang mga ngiti nito kaya tinungo na niya ang garahe kung saan nakaparada ang kotse niya.

---

Hindi pa nakakalayo si Louella sa gate ng kanilang subdivision nang mapansin niya ang pulang kotse sa likod ng kotse niya. Nakita na niya ang pulang *Toyota Corolla* na iyon sa tapat pa lang ng kanilang mansion kanina at ngayon nga ay tila sinusundan siya nito.

Ilang minuto pa ang lumipas ngunit nanatili ang pulang kotse sa pagsunod sa kanya. Upang makatiyak

kung sinusundan nga siya talaga ay napagpasyahan niyang mag-iba ng ruta. Kaagad siyang lumiko sa pinakamalapit na kanto. Napansin niyang lumiko rin ito.

Kinabahan na si Louella. Sino kayang herodes ang sakay ng kotseng iyon at ano naman ang plano nito sa pagsunod sa kanya? At kung patuloy niya itong ililigaw, paano na ang balak niyang maagang pagpasok ngayong araw?

She decided to call her boyfriend, Laurence. Matagal bago nito sinagot ang cellphone.

"Hi, babes," bungad nito sa kanya.

"Tulungan mo 'ko, please. May sumusunod na car sa 'kin. Di ko alam kung sino'ng nakasakay d'on, pero siguradong sinusundan niya 'ko," hysterical na sabi niya sa kabilang linya.

Sinabi lang sa kanya ni Laurence na pumunta sa pinakamalapit na police station bago pinutol na ang kanilang pag-uusap.

Nainis pa si Louella sa inakto ng kasintahan. Tila wala itong pakialam sa kanya samantalang heto siya at hindi malaman ang gagawin upang matakasan ang sasakyang sumusunod sa kanya. Gusto na niyang tawagan ang daddy niya, pero ayaw niya itong mag-

alala.

Naghanap na lang siyang ng police station. Ngunit lalo siyang kinabahan nang mapansing liblib na ang tinatahak niyang daan. Nasa labas na siya ng Kamaynilaan. Bibihira na ang mga bahayang nadadaanan niya. Pagtingin niya sa rearview mirror ng sasakyan ay wala na ang pulang kotseng sumusunod sa kanya. Ilang beses pa siyang lumingon upang makatiyak ngunit talagang wala na.

Nakaramdam pa siya ng panghihina nang maisip na hindi naman pala siya sinusundan nito at pareho lang pala sila ng pupuntahan at nanghihinayang pa siya sa oras na nasayang. Gayunpaman, naisip rin niyang talagang may plano ito sa kanya at nanakot pa. Ngunit kung ano pa man, ang mahalaga ngayon ay makakahinga na siya nang maluwag.

Liliko na sana siya pakaliwa upang makabalk sa kabayanan nang may biglang humarang na isang gray *Mitsubishi L300* van sa daanan niya. Huminto ang sasakyan at nagsibaba ang may walong kalalakihang sakay niyon.

Nagbalik ang kaba sa dibdib ni Louella nang makitang papalapit ang mga lalaki sa kotse niya. Mabilis na kinuha niya ang cellphone sa bag to get help. Ngunit bago pa siya maka-dial ng numero ay

lumapit ang isang lalaki sa kotse niya. Naglabas ito ng baril at kinabog ang window sa side niya.

Dahil sa pagkagulat ay nabitiwan niya ang cellphone at nahulog iyon sa floor ng kotse. Nataranta siya lalo. Ilan pang malalakas na kabog ang ginawa ng lalaki. Sinesenyas nito na bumaba siya sa sasakyan.

Akmang bubuksan na niya ang pinto ng kotse upang lumabas na at harapin ang kung ano mang nakatakdang mangyari nang may marinig siyang sunud-sunod na putok ng baril. Napatili siya at napadukdok sa manibela ng kotse. Ilang putok pa ang narinig niya hanggang sa makarinig siya ng tunog ng mga papaalis na sasakyan.

# 2

Ilang minuto pa ang lumipas. Tahimik na ang paligid. Wala na ang kumakalabog sa bintana ng kotse. Wala na ang mga putok ng baril. Nanatiling nakadukdok pa rin si Louella sa manibela ng kotse. Hindi siya makakilos. Ni hindi niya makuhang tumingin sa paligid.

Muli siyang napatili nang may marinig na mga katok sa side window. They were just light taps but they sounded like thunder to her ears. Ayaw niyang tingnan ang taong kumakatok. Ayaw niyang makitang muli ang pangit na lalaking mukhang kontrabida sa pelikula.

Kung gaano katagal ang mga katok na iyon ay hindi na niya alam. Siguro ay nagsawa na ang kumakatok kaya tumigil na rin at hindi rin alam ni Louella kung gaano katagal na katahimikan na naman ang nagdaan. Ang alam lang niya ay nangawit na siya sa pagkakadukdok kaya napilitan siyang sumandal. Nahagip ng tingin niya ang cellphone na nasa sahig na kotse and she suddenly recalled what happened.

Nang igala niya ang tingin sa paligid, wala na

ang *L300* van. Wala na rin ang pangit na lalaki at iba pa nitong kasama. Ang tanging naroon ay isang lumang owner-type jeep. Napasinghap si Louella nang makita ang isang napakaguwapong lalaki na nakasandal sa gilid ng sasakyang iyon. Naka-maong pants ito at white t-shirt. Napakakinis ng mukha nito at may medyo mahabang buhok na bumagay sa rugged na hitsura nito.

Naisip ni Louella, kasama kaya ito ng mga lalaking umaligid sa kanya kanina? Posible kayang ito ang amo ng mga lalaking iyon at may balak na masama sa kanya?

Pero ano iyong mga naririnig niyang putok ng baril? Kinapa niya ang sarili. Wala naman siyang tama ng baril o kahit daplis man lang. Ang tanging nakita niya ay ang mga butas sa kotse niya dahil sa mga tama ng baril. Naisip niyang nananakot din ang mga lalaki gaya ng sumusunod sa kanya kanina. Naisip rin niyang itong lalaking ito ang lider ng grupo na nang makatiyak na nag-iisa lang siya sa kotse ay pinaalis na ang mga kasama.

Nag-initmuliangkanyangulosanaisip.Kumukulo na dugo niya sa mga lalaking iyon. Napagpasyahan niyang bumaba ng kotse upang harapin ang lalaki. Naisip niyang kaya naman siguro niyang patulan ito

dahil nag-iisa lang naman ito. Para ano pa ang mga natutuhan niyang martial arts kung hindi rin lang naman niya magagamit sa pagtatanggol sa sarili. Handa siyang sipain ito sa sikmura at hampasin sa batok sa sandaling magtangka ito ng hindi maganda sa kanya kahit pa naka-mini skirt at high-heeled shoes pa siya ngayon.

Binuksan niya ang pinto ng kotse. Akmang lalabas na siya nang hindi sinasadyang sumabit ang dulo ng takong ng kanyang sapatos sa side step garnish ng kotse. Napatid siya at napayakap sa lalaki na nakasandal sa jeep na nasa gilid ng lang kotse niya.

Bahagyang kumirot ang paa ni Louella dahil sa pagkakasabit kaya natagalan ang pagkakayakap niya sa lalaki. Nakasubsob siya sa leeg ng lalaki. Naamoy niya ang mabangong masculine scent nito. Nanatili sila sa ganoong ayos hanggang sa bigla siyang natauhan. Bahagya niyang naitulak ang lalaki. Nang tingnan niya ito sa mukha, nakita niya ang nakagising ngiti sa mapupulang labi nito. Tumaas ang kanang kilay niya sa nakita.

“Ano’ng nginingisi-ngisi mo diyan? Hoy! Baka akala mo nakalimutan ko na ang mga ginawa n’yo sa ‘kin n’ong mga peste mong kasama!” singhal niya

sa pag-aakala ngang kasama ito ng mga lalaking sumunod at humarang sa kanya. “Bakit ako pa ang pinagtripan n’yo? Baka hindi n’yo ako kilala!”

Walang anu-ano ay isang midnight blue *Mitsubishi Lancer* ang huminto malapit sa kinaroroonan nila. It was Laurence’s car. Kaagad itong lumabas ng kotse at lumapit sa kanila. Bago pa makapagsalita si Louella upang magsumbong ay dumapo na ang kamao ni Laurence sa mukha ng lalaki. Nagulat ang dalaga sa ginawa nito. Ilang suntok pa ang ipinadapo nito sa mukha ng kaharap bago isinalya sa jeep. Kinuha ni Laurence ang wallet na nasa likod na bulsa ng pantalon ng lalaki.

“Louella, humanap ka ng I.D. dito sa wallet. Kailangang makarating sa pulisya ang ginawa sa ’yo ng gagong ‘to!” angil nito sabay abot sa kanya ng pitaka.

Kaagad naman niyang sinunod ang sinabi ni Laurence. Binuklat niya ang itim na wallet nito. Una niyang nakita ang driver’s license nito. Adam G. Manuel ang nakalagay na pangalan doon. Kinuha niya iyon at muling iniabot ang wallet sa nobyo.

Binitiwan na ni Laurence ang lalaki matapos nitong ibalik ang wallet. “Pananagutan mo ‘tong ginawa mo! Di mo alam kung sino’ng binabangga

mo!" Galit na pinagtuturo nito ang mukha ng lalaki. "Louella, kunin mo 'yong mga gamit mo sa kotse. D'on ka na lang sa kotse ko sumakay. Ipapa-pick up ko na lang ang kotse mo," baling nito sa nobya habang nakatingin pa rin sa lalaki.

Kaagad namang sumunod si Louella. Ilang saglit pa at nakaalis na ang magkasintahan.

Naiwan namang mag-isa ang lalaki na hihimas-himas pa ang bahagi ng mukha na tinamaan ng suntok. Hanggang ngayon ay hindi pa rin ito makapaniwala sa mga nangyari.

---

"Dad!"

Napayakap si Louella sa ama. Nagpahatid na siya kaagad ng bahay dahil hindi na niya kaya pang pumasok matapos ang nagdaang insidente.

"Bakit, hija? What happened?" takang tanong ni Don Ernesto sa umiiyak na anak habang nakatingin kay Laurence.

Nang mahimasmasan ay ikinuwento na ni Louella sa ama ang mga nangyari. Siyempre pa, lumabas na bida si Laurence. Iyon naman talaga ang gusto ng binata, ang magpalapad ng papel sa future

father-in-law nito.

"So, what will we do now?" tanong ng matanda.

"Don't worry, Tito. Ako na po ang bahala sa lahat." Si Laurence na ang sumagot. "I'd better go, Tito. I'll talk to my lawyer about this," paalam nito saka humalik sa pisngi ng nobya na noon ay nakatulala sa tabi ng ama. "'Bye, babes. I'll call you later."

Nang makaalis ang binata ay sinabihan si Louella ng ama na magpahinga na. She went up to her room and immediately lay down in bed.

Blanko ang isip niya. Hindi niya alam kung gaano katagal iyon. Nagulat pa siya nang marinig na katok mula sa pinto.

Nang bumukas ang pinto ay iniluwa nito ang lalaking naka-white t-shirt. Si Adam Manuel. Bagaman iniisip niyang ito ang nagtangkang mag-kidnap sa kanya kanina, hindi siya nakaramdam ng kahit na konting takot dito nang mga sandaling iyon. He was smiling at her while holding a bountiful tray of lunch. He looked undeniably gorgeous!

Kaagad na napaupo si Louella sa kama. Ginantihan niya ang matatamis na ngiti si Adam. Lumapit ito sa kanya at inilapag sa kama ang tray

ng pagkain.

"Ma'am, heto na po ang lunch n'yo."

Napakurap na siya nang marinig ang boses ng dalagitang katulong na si Dora. Nangangarap lang pala siya! Akala niya ay ang lalaking si Adam Manuel ang naghatid ng pagkain sa kanya. Natauhan siya.

"At sino'ng may sabi sa 'yo na gusto kong kumain?" Nawala ang matatamis na ngiti sa mga labi niya. Napalitan iyon ng mabagsik na mukha, salubong na mga kilay at matatalim na tingin.

"Ma'am, ipinadala po kasi ng daddy—"

"Ayokong kumain!" putol niya sa anumang sasabihin pa ni Dora. "Ilabas mo na 'yan bago ko itapon sa harap mo! Kakain ako kung nagugutom ako!"

Kaagad namang nataranta ang dalagita sa mga sigaw ng amo. Mabilis nitong kinuha ang tray at lumabas ng silid.

Ibinato ni Louella ang isang unan sa papasarang pinto. Nainis siya sa dalagita dahil nasaksihan nito ang tila pangangarap niya ng gising. Muli siyang nahiga at muling sumagi sa isip niya ang lalaking nagngangalang Adam Manuel. Noon lang

niya nakita ito. Ito nga kaya ang may pakana ng attempted kidnapping sa kanya? Matagal na kaya siyang sinusubaybayan nito? Ano ang pakay nito sa kanya? Sino nga kaya ito?

Maraming palaisipan ang nabuo sa isip niya. Hanggang ngayon ay nagtataka pa rin siya kung bakit niya nakita ito sa kanyang pagmamalik-mata. Isang bagay lang ang sinisigurado niya. They will meet again.

---

Pasado alas doce na ng tanghali nang makarating si Adam sa inuupahan niyang kuwarto sa Pasig. Dinatnan niya ang kaibigang si Mike na naghuhugas ng platong kinainan nito.

"'Tol, ba't ngayon ka lang?" bungad nito nang makita siya. "Pasensya na, gutom na kasi ako, eh. Hindi na kita nahintay. Ipaghahain na lang kita." Nagsandok ito ng kanin mula sa rice cooker. "Ano'ng nangyari sa mukha mo?" tanong nito nang mapansin ang mga pasa niya.

"Nadisgrasya nga ako sa lakad ko, eh," aniyang muling napahimas sa mukha. Kumikirot ang gilid na bahagi ng baba niya. Tiningnan niya ang mukha sa salamin at napailing.

"Nasira ng kaguwapuhan mo, 'tol, ah? Ano ba talaga ang nangyari?" muling tanong ng kaibigan habang naghahain ito ng pagkain sa mesa.

Naupo na si Adam sa harap ng mesa. Tinabihan siya ni Mike. Ikinuwento niya rito ang buong detalye ng mga pangyayari.

Agent si Adam ng *National Bureau of Investigation*. Isang malaking drug syndicate ang siyang assignment ng grupo nila ngayon at siya ang Chief Investigator ng kaso. Matagal na nilang minamanmanan ang grupo. Gusto nilang mahuli ito in an actual drug transaction. Ang alam nila ay may malaking transaksyon ito nang umagang iyon.

Habang sinusundan nila ang gray na *L300* van na isa sa mga sasakyan ng sindikato, napansin nila na hindi maayos ang takbo nito. Naroong huminto. Naroong mapabilis. Naroong magpabalik-balik na para bang kumukuha ng signal para sa dala nito na two-way radio.

Noon pa lang ay nagduda na ang grupo ng *NBI*. Mukhang mali yata ang alam nila na magaganap ang transaksyon. O baka naman nahalata ng mga ito ang plano? Gayunpaman, nasundan pa rin nila ito hanggang sa makalabas ng Kamaynilaan.

Akala niya ay tuloy na ang drug deal ng mga ito nang huminto ang van sa harap ng isang puting *Honda Civic* sa isang liblib na lugar. Huminto rin sila sa may di-kalayuan kung saan natatanaw pa rin nila ang sinusundan. Nakahanda silang sumugod sa sandaling makumpirma ang pakay.

Nagsibaba ang lahat ng sakay ng van. Walong kalalakihan ang umaligid sa puting kotse. Kinatok ng isa ang side window sa driver's seat. Nakita nilang naglabas ito ng baril at itinutok sa nasa loob ng kotse.

Alam nilang hindi tipikal na transaksyon ng droga ang nagaganap. It was either robbery or kidnapping. Hindi na sila nag-aksaya ng panahon. Sumugod sila sa kinaroroonan ng mga ito dala ang kani-kanilang mga baril at nagpakilalang mga *NBI* agents. Nagtakbuhan ang mga lalaki pabalik ng van. Nang tatakas ang mga ito, doon na sila nagpaputok.

Mabilis na napatakbo ng mga ito ang van. Mabilis ding sumunod dito ang grupo ng *NBI* ngunit nagpaiwan si Adam. Ang concern niya ngayon ay tiyaking ligtas ang sinumang nasa loob ng kotse.

Nang lumapit siya sa kotse ay napansin niya ang mga butas nito na tama ng baril. Nag-alala siya para sa mga tao sa loob. Inilapit niya ang mukha sa

tinted na bintana ng kotse at inaninag ang loob nito. Nakita niya ang babaeng nakadukdok sa manibela. Kinatok niya ang bintana. Napatili ang babae na para bang takot na takot sa mga narinig na katok. Hindi ito tumingin sa kanya.

Alam niyang hindi naman ito tinamaan ng baril dahil malalayo ang mga tama sa gawi nito. Naisip niyang na-shock lamang ito sa mga nangyari. Minabuti niyang hayaan muna itong mahimasmasan. Binalikan niya ang service na owner-type jeep na naka-park sa di-kalayuan at ini-park muli ito malapit sa kotse ng babae. Doon siya naghintay para sa babae. Gusto niyang makatiyak na maayos na ito. Gusto niyang makatiyak na makauwi ito nang ligtas.

Nang mapayakap sa kanya ang babae, akala niya ay magpapasalamat ito. Hindi niya inaasahang sa kabila ng ginawa nilang pagliligtas dito ay siya pa ang mapapasama. Napagbintangan pa siya na pinasusundan niya raw ito at balak na ipakidnap. Higit pa roon, napagsalitaan pa siya ng hindi maganda ng babae at ng nobyo nito. At nasuntok pa siya sa mukha! Hay! Ang buhay nga naman.

"Kawawa ka naman, 'tol," anito. Napapailing pa si Mike habang tinitingnan ang mga pasa niya. "Ba't kasi hindi mo pinatulan 'yong lalaking 'yon?"

"Hindi ko na naisip 'yon. Na-shock na 'ko d'on pa lang sa mga bintang nila sa 'kin, eh. Mantakin mo, wala naman akong kasalanan. Sana pala iniwan ko na lang 'yong babaeng 'yon!"

"Eh, ano nga palang nangyari d'on sa mga sinundan n'ong mga kasama mo?"

"Nahuli rin nila kaya lang hindi nama'n namin maikukulong 'yon dahil wala pang kaso. Saka isa pa, marami raw kapit sa taas kaya nakakalabas din. Malalaking tao raw 'yong nasa likod ng sindikato. Pero malalaman din namin 'yon hindi kami titigil hangga't di namin nailalabas kung sino'ng nagpoprotekta sa kanila. Mamaya magmi-meeting kami kung ano ang susunod naming plano," kuwento niya saka sinimulan nang kumain.

"'Tol, mag-iingat ka lagi, ha? Baka mamaya niyan hindi lang mga sapak ang abutin mo. Baka mapag-initan kayo n'ong malalaking taong babanggain n'yo."

"Uy, concerned siya sa 'kin. Touched naman ako," tukso niya, siniko pa niya ang katabing kaibigan.

"Siyempre naman. Paano na 'ko pag wala ka? Sino na'ng mauutangan ko 'pag nade-delay 'yong suweldo ko?"

Kunwa ay nasamid si Adam sa pagkain. "Akala ko pa naman sa akin ka concerned, sa suweldo ko pala."

"Biro lang, 'tol," kaagad bawi ni Mike. "Siyempre sa 'yo rin. Saka isa pa. Iingatan mo 'yang mukha mo! Sa katawan ka na lang magpatama. Nawawala ang kaguwapuhan mo, eh. Remember, kakaunti na lang tayong mga guwapo." Nagkatawanan pa sila.

Four years na rin silang magkasama ni Mike sa paupahang kuwarto na iyon. Totoo ngang lagi siyang inuutangan nito lalo pa at laging delayed ang suweldo nito mula sa pagtatrabaho sa isang textile and garment factory na malapit lang doon. Kailangan kasing laging on-time ang padala nito ng pera para sa pag-aaral ng kapatid sa probinsya.

# 3

“Mga inutil! Mga bobo!”

Galit na galit na pinagsusuntok ng amo ang mga tauhan na pumalpak sa pag-kidnap kay Louella.

“Mga tanga! Mga gunggong! Mga *NBI* agents lang, natakot na kayo? Ba’t di kayo lumaban ng barilan? Di ba ang sabi ko ‘wag kayong magpapakita sa ‘kin hangga’t hindi ninyo kasama si Louella?” Nanlilisik ang mga mata nito sa galit.

Nanginginig sa takot na nagpaliwanag ang mga tauhan.

Matagal na katahimikan ang namayani pagkatapos. Nag-iisip ang amo nila kung paano malulusutan ang mga gulong napasok ng grupo. Alam na nitong siguradong magpapaimbestiga na ang kampo ng mga Vera Cruz kaya dapat na nilang unahan ang mga ito.

Ipatutubos sana nila si Louella sa ama nito sa halagang sandaang milyon kung natuloy nilang kidnapin ang dalaga. Mabuti na lang at may kapit sila sa pulisya at iba pang matataas na opisyal kaya hindi naikulong ang mga nahuling tauhan nito.

Nagsindi ang amo ng sigarilyo at ilang beses na humitit at bumuga bago muling nagsalita. “Mag-lie low muna tayo. Mainit ang mga mata sa ‘tin n’ong mga pesteng *NBI* na ‘yan ngayon.”

---

Ginabi na ng uwi si Adam mula sa meeting nila sa *NBI* building. Matapos kasi ng nagdaang engkuwentro, maiiba ang plano nila ng surveillance sa nasabing drug syndicate. Matapos kasing mahuli ang mga ito at i-deny ang pagkakasangkot sa droga ay madali rin itong napalaya. Ngayon tiyak na maiiba ang diskarte ng mga ito lalo pa at natunugan na ng mga ito na may *NBI* silang kasunod sa bawat lakad.

Ayon sa boss nilang si Roy Rellegue na Chief ng Special Operations Division ng *NBI*, may bago siyang assignment at magsisimula iyon bukas.

---

Mataas na ang sikat ng araw ay nakahiga pa si Louella sa kama. Hindi pa rin maalis sa isip niya ang nangyari nang nakaraang araw. Hindi pa sana siya babangon ngunit nakaramdam na siya ng gutom. Kahapon pa nga siya hindi kumakain ng kahit ano.

Mapatos maligo at magbihis ay nanaog na siya. Inabutan niya ulit ang ama sa garden. Naroon din

ang isang katulong na naghahain ng almusal.

Kausap ni Don Ernesto ang isang lalaking kaharap nito sa mesa. Nang makita siya ng ama ay kaagad siyang kinawayan nito. "Hija," masayang tawag nito.

Lumapit siya dito at humalik sa noo nito. Noon lang niya nakita ang mukha ng lalaki na kanina ay nakatalikod sa kanya.

Nagulat siya. Nagulat din ang lalaki. Walang gustong magsalita sa kanila. Hindi akalain ni Louella na sa sariling bahay niya makikita ang lalaking laman ng isip niya ng nagdaang araw.

Nahalata ng don ang tensyon. Ito na ang nagsalita. "Hija, siya si Adam," pakilala nito sa binata. "Siya ang magiging driver and at the same time, bodyguard mo. Nirekomenda siya ng Ninong Roy mo," paliwanag nito.

Nanatiling nakatitig siya sa binata. Nakangiti ito sa kanya. Wala na ang pagkagulat sa mukha nito.

"Dad, siya si Adam Manuel. 'Yong sumunod sa 'kin kahapon. 'Yong maraming goons na kasama. 'Yong nagtangkang mag-kidnap sa akin at 'yong may kasalanan kung bakit butas-butas ang kotse ko ngayon! Paano n'yo ako pababantayan sa taong

gustong dumukot sa akin?"

Nagtatanong ang mga matang napatingin ang matanda sa binata. Nataranta si Adam. Hindi siya handa sa ganoong eksena. Bakit ba hindi sinabi sa kanya ng boss na ang inaanak nitong babantayan niya ay ang babaeng nailigtas nila kahapon? Ang nobya ng lalaking sumapak sa kanya?

Kunsabagay, hindi rin naman niya mismo nilinaw dito ang buong detalye. Mas excited kasi siyang makakuha ng impormasyon tungkol sa sindikato kaya hindi na siya nag-usisa pa.

Bago pa siya nakapagsalita ay nagtanong na ang matanda. "Ikaw ba talaga ang pinadala ng kumpare ko?" mahinahon pa rin ang boses nito.

"Yes, Sir. Tanungin n'yo po si Bossing kung 'yon ang ikatatahimik ng loob n'yo." Iyon lang ang nasabi ni Adam sa tanong ng matanda. Sa loob-loob niya, bahala na ang chief niya na magpaliwanag dito.

Walang anu-ano ay tumayo ang don at lumayo nang kaunti sa kanila. Tumawag ito sa cellphone at mayamaya pa ay may kausap na ito sa kabilang linya na tinawag nitong kumpadre. Bagaman malayo ito ay naririnig nila ang pakikipag-usap nito. Nakatungo si Adam at hindi mapakali. Hindi siya makatingin

sa dalagang nakatayo sa kabilang bahagi ng mesa. Ang tanging nakikita lang niya ay ang pares ng long and shapely legs nito na superb sa kinis! Kaagad niyang binura sa isip ang makamundong ideyang pumapasok sa kukote niya.

Matapos nag matagal ring pakikipag-usap sa telepono ay nagbalik na ang matanda sa mesa. Nakangiti na ito. Nakahinga na nang maluwag si Adam. Hindi pa man siya nakukumpirma ay alam na niya na ayos na ang problema.

“Pasensya na, hijo. Nagduda ako sa ’yo,” mahinahong sabi ng don habang paupo ito sa silya. “Louella, hija. Maupo ka dito. Saluhan mo kami,” baling nito sa anak.

“Ano’ng sabi ni Ninong, Dad?” iritableng tanong ni Louella. Nanatili itong nakatayo habang nakahalukipkip.

“Ito raw palang si Adam, dating driver ni Myla, ‘yong anak ng ninong mo. Pero nasa abroad na si Myla ngayon, di ba? Hindi pa rin siya umalis sa ninong mo, nag-training siya sa *NBI* at minsan ay sumasama sa operations nila. Kahapon nga raw may sinusundan silang drug syndicate na akala nila’y may malaking drug deal. Napagkamalan nga nilang ikaw ‘yong katransaksyon n’ong van ng sindikato na

humarang sa kotse mo. Eh n'ong nakita raw nilang pinapababa ka at tinututukan ng baril nagpakilala na silang mga *NBI*. Pinaputukan daw sila kaya nagpaputok na rin sila—"

"Eh, di talagang sila 'yong bumutas sa kotse ko!" pasigaw na sabad ng dalaga.

"Oo nga, hija. Pero ang mahalaga hindi ka tinamaan."

"At utang na loob ko pa sa kanila na hindi ako tinamaan, gan'on?"

"Hija, iniligtas ka nila sa tangkang pagnanakaw, or even worse, pag-kidnap sa 'yo. Mali 'yong bintang n'yo ni Laurence kay Adam. Hindi naman kasi siya 'yong sumunod sa 'yo. Hindi ka niya pinagtripan at hindi niya kasama 'yong mga sinasabi mong mga mukhang goons. Wala siyang balak na masama sa 'yo. N'ong tumakas kasi 'yong sindikato, sinundan n'ong mga *NBI*, pero nagpaiwan si Adam kasi kailangan niyang tiyakin na ligtas ka. 'Tapos instead na pasalamatan mo siya, pinagbintangan mo pa. Sinapak pa ni Laurence," mahabang paliwanag ng don. "Anak, mag-apologize ka kay Adam at pasalamatan mo rin siya. Sige na."

"Dad, pa'no 'yung kotse ko?" Hindi pinansin ni

Louella ang huling sinabi ng ama. “Dapat kasi hindi sila nagpapaputok nang basta-basta. Pa’no kung may iba pa ‘kong kasama? ‘Tapos, sasabihin niyang gusto nilang matiyak ang kaligtasan ko?”

“Ipapaayos na lang natin ang kotse mo. Or better yet, bumili ka na lang ulit ng bago, kung gusto mo. Regarding naman sa pagpapaputok nila, they’re expert enough na sa mga safe areas ng car ang tama. Alam nila ang kanilang ginagawa.”

“Nasundan ba nila ‘yung sindikato? Puro maling akala lang naman ‘yang mga *NBI* na ‘yan. Sino ba ang chief investigator?” mataray na sabi ni Louella.

Tinamaan naman si Adam sa mga sinabi nito. Palpak nga naman kasi ang lakad nila.

“Anak, ang mabuti pa sabihin mo kay Laurence na hindi dapat si Adam ang kasuhan niya.” Pinutol na ng don ang kung ano pang sasabihin ng anak. “Kailangang makuha na rin ‘yong driver’s license para makapagsimula na si Adam as your driver-bodyguard. Hija, he’s waiting for your apology.”

“Hindi natin siya kailangan, Dad! Marami tayong drivers!” Mahina ang boses ng dalaga pero mariin ang pagsasalita.

“Hindi ka kayang protektahan ng driver lang.

At least si Adam, may training, experienced na sa mga bagay na 'yan." Panay ang tingin ng matanda sa binata na para bang nanghihingi ng paumanhin para sa anak.

"Hindi ko kailangan ng bodyguard!' Nakatingin ang dalaga sa lalaki. "Ni hindi nga niya naipagtanggol ang sarili niya kay Laurence kahapon, eh!"

"Kawawa naman kasi 'yong boyfriend mo pag pinatulan ko." Hindi na makatiis si Adam kaya sumabad na siya. Gayunpaman, nakangiti siya nang magsalita. "Mukha namang uhugin 'yong boyfriend mo, eh," bulong niya sa sarili.

"Ang yabang mo!" Bahagya ito dumukwang sa mesa para ipagdiinan sa kanya ang sinabi.

Hindi maiwasan ni Adam na mapasulyap sa cleavage ng dalaga na bahagyang lumitaw sa pagkakadukwang nito. Nakahapit na pink spaghetti-strapped blouse ang dalaga. Seksing-seksi itong tingnan lalo pa at maikli rin ang suot nitong maong shorts na kanina nga lang ay pinagpapantasyahan niya ang mga legs nito.

Napangiti si Adam. Hindi niya maiwasan iyon. Bakit nga ba parang bigla niyang pinagpantasyahan ang magandang katawan nito? Bakit natuwa siyang

isipin na makakasama niya ito araw araw kapag pumayag na ito sa kagustuhan ng ama na magkaroon ito ng bodyguard?

Nahalata ni Louella ang nakakalokong tingin at ngiti ng binata. Inayos nito ang sarili. “Dad, paalisin n’yo na ‘yang lalaking ‘yan. Di ko siya kailangan!” angil ng dalaga bago tumalikod pabalik ng silid nito.

Napapailing na napatingin si Don Ernesto kay Adam. “Hijo, ako na ang humihingi ng dispensa sa ginawa ng anak ko at ni Laurence kahapon. Saka pasensya ka na kay Louella, ganyan talaga ‘yan eh, mataray,” nahihiyang sabi nito.

Ngumiti siya sa matanda. “’Wag n’yo pong alalahinin ‘yon.” Naramdaman niya kaagad ang sinseridad ng don. Mabait ito at laging mahinahon. Hindi kagaya ng anak na laging nakasinghal at saksakan ng taray!

# 4

Sa halip na dumerecho sa kuwarto ay nagtungo si Louella sa kitchen upang maghanda ng sariling almusal. Sabi niya kanina ay wala siyang gana, pero talagang gutom na gutom na siya. Naghanda siya ng tuna sandwich, mango juice at lettuce and tomato salad. Nilagay niya sa tray ang mga pagkain saka pumunta sa silid. Doon na lang siya kakain.

Sa terrace ng kuwarto siya nagtuloy. Sa kinaroroonan ay natatanaw niya ang ama at si Adam sa garden set malapit sa pool. Kumakain na ang mga ito habang patuloy na nag-uusap.

Napatitig siya sa binata. Naalala niya ang mga sinabi ng ama tungkol sa pagkatao at trabaho nito. Ewan ba niya kung bakit natuwa siya sa katotohanang hindi naman pala ito masamang tao.

Napatingin ang binata sa kinaroroonan niya. Bigla siyang nataranta. Ibinaling niya ang tingin sa ibang bahagi ng garden. Nang maramdamang nakatingin pa rin ito sa kanya ay minabuti niyang pumasok na lang sa kuwarto. Doon niya itinuloy ang pagkain.

May isang oras din ang lumipas nang may marinig siyang tunog ng papaalis na sasakyan. Dali-dali siyang dumungaw sa bintana upang alamin kung kaninong sasakyan iyon. Nakita niya ang owner-type jeep sa kalsada. Gaya ng inaasahan niya, umalis na nga ang binata.

Parang nakaramdam si Louella ng lungkot. Pinaalis na kaya ang daddy niya si Adam dahil ayaw naman niyang maging bodyguard ito?

Bumaba siya ng bahay at pinuntahan ang ama na nasa garden pa rin. Nagbabasa na ito ng dyaryo. Naupo siya sa silyang katabi ng inuupuan nito.

"Dad? Nasaan na si Adam?" patay-malisyang tanong niya.

"Bakit?" Halatang nagtaka ang matanda sa malambing na boses na dalaga. Itiniklop nito ang binabasang dyaryo at hinarap ang anak.

"G-gusto ko na kasing pumasok sa office tomorrow. Di ba sabi n'yo kailangan ko ng bodyguard?"

"Akala ko ba ayaw mo siya? Sabi mo, paalisin ko—"

"Pinaalis n'yo?"

"Oo. But don't worry. I'll find you another," anito saka muling binuklat ang dyaryo at nagbasa ulit.

Nalungkot si Louella sa nalaman pero hindi na siya nagsalita pa. Napatingin na lang siya sa bakanteng silya na inupuan ni Adam kanina. Bigla niyang naalala ang driver's license nito na nasa pangangalaga ni Laurence. Tatawagan niya ang nobyo. Ipapaliwanag niya rito ang lahat. Pagkatapos ay makukuha na niya ang lisensya ni Adam at iyon ang gagamitin niya para mahanap ito. Hihingi na siya ng tawad dito at magpapasalamat. Sasabihin niya na tanggap na ito bilang bodyguard niya. Tama!

She went up to her room and picked up her cellphone. She dialed the number four times but she could not reach Laurence.

---

Dumaan ang maghapon ay hindi pa rin nakakausap ni Louella si Laurence. "S'an na kaya 'yong lalaking 'yon?" nanggagalaiti niyang bulong sa sarili. "Sabi ko na nga ba! Maling-mali itong relasyon namin!"

Magkakaibigang matalik ang mga magulang nila ng lalaki. Magkababata sila at parehong nag-iisang anak. Bata pa lang sila ay ipinagkasundo na

sila ng kanilang mga magulang.

Walang formal engagement na nangyari sa pagitan nila. Ni hindi nga niya sinagot ang binata. Ni hindi nga ito nanligaw. Nagising na lang sila isang araw ay nakatakda na ang kasal nila sa isa't-isa.

Ni hindi nga niya sigurado kung mahal siya ng binata. Heto nga at hindi man lang nito kinukumusta ang kalagayan niya gayong alam nito ang nangyari nang nagdaang araw.

Kunsabagay, ano nga pa ba ang inaasahan niya gayong mismong ang sarili niya ay alam na hindi niya mahal ang binata. Ang alam lang niya ay nakahanda siyang pakasal dito dahil na rin sa hiling ng ina bago ito pumanaw.

Tinawagan na niya si Laurence sa landline nito sa bahay ngunit hindi pa raw ito umuuwi mula kahapon. Tumawag na rin siya sa office nito, pero hindi raw ito pumasok. Nananatiling out-of-reach ang cellphone nito.

Naisipan niyang kausapin ang ama para sabihing tawagan nito ang Ninong Roy niya at sabihin ditong pabalikin si Adam. Nang puntahan niya ang ama ay may mga kausap ito sa study room. Mga executives iyon ng *Vera Cruz Telecommunications*.

Alam niyang gagabihin ang ama sa meeting nito kaya napagpasyahan niyang siya na lang ang kakausap sa ninong niya. Kaagad niyang ini-dial ang numero nito sa phonebook ng cellphone niya.

"Hello, Louella. Napatawag ka?" bungad nito sa kanya.

"Good evening po, Ninong. Itatanong ko lang po kung puwede pong pakisabi kay Adam na pumasok na siya bukas? Papasok po kasi ako sa office. Kailangan ko po ng bodyguard."

"Akala ko ba… teka lang, ha? Nandito siya, eh. Kausapin mo?"

Kinabahan si Louella. Makakausap niya si Adam?

Ilang saglit pa ang lumipas bago muling nagsalita ang nasa kabilang linya.

"Hija, umalis na pala si Adam. Hindi ko kasi namalayan, nagmamadali raw. Uuwi yata sa probinsya."

"Ganoon po ba?" disappointed na sabi niya.

"Oo, eh. Sasabihin ko na lang pagbalik niya."

"Sige po. Thank you, Ninong," aniya saka

malungkot na tinapos na ang kanilang pag-uusap.

---

Napabuntong-hininga si Chief Roy matapos makausap si Louella sa cellphone.

"Bakit ba ayaw mo siyang kausapin? Pinagsinungalingan mo pa ako." Nangingiti na ito sa pagbaling kay Adam na nakaupo sa sofa na nasa loob ng office nito.

"Hayaan mo muna siya, Boss. Ang sungit, eh!"

"Pinagrerereport ka bukas. Eh, talaga namang papasok ka na bukas, di ba? Napag-usapan n'yo na ni Kumpadre 'yon, di ba?"

"Oo nga, Boss. Buti na lang hindi nagduda si Don Ernesto. Akala ko mabubuking na 'ko," ani Adam.

"Malay ko bang si Louella pala 'yong nakabangga mo kahapon. Hindi naman n'yo nakuha 'yong detalye n'on. Buti na lang madaling naniwala sa 'kin na driver ka dati na nag-training lang. Hindi nila dapat malaman na isa ka sa most valued agents ko," anito sabay kindat sa kanya.

"Hayaan n'yo, Boss. Lusot naman tayo, eh. Eh, paano nga po pala 'yong lisensya ko?"

"Ibibigay ni Laurence 'yon. Ibinilin ko naman kay Kumpadre na kausapin 'yong mamanugangin niya tungkol d'on. Hintayin mo na lang."

---

Maagang nagising si Louella o mas magandang sabihin na hindi siya nakatulog? Balak niyang mag-jogging at mag-exercise sa garden. Gusto niyang ikondisyon ang sarili matapos ang pagkadismaya nang nagdaang gabi.

She wore a red cycling shorts and a white body-fitting shirt. Nagsuot rin siya ng maikling puting medyas at puti ring rubber shoes. Itinali niya nang mataas ang mahabang buhok. Matapos kumuha ng hand towel ay nanaog na siya sa bahay.

It was six in the morning. Inabutan na niya ang ama sa garden at nagbabasa na ito ng paboritong newspaper habang umiinom ng brewed coffee. Nagulat pa ito nang makita siya.

"Mukhang maganda ang gising ng baby ko, ah?" bati nito.

"No, Dad. Masama nga ang gising ko kaya gusto kong ikondisyon ang sarili ko," sabi niya habang nag-i-stretch ng mga braso at hita. "Jogging tayo, Dad?" yaya niya.

"Ikaw na lang, hija. Mapapagod naman ako masyado. Ikondisyon mong mabuti 'yang katawan mo. Papasok ka pa."

"Pa'no 'ko papasok, Dad? Wala pa 'kong bodyguard. Natatakot na 'kong lumabas mag-isa."

"Nandiyan na si Adam. Nasa quarters."

Nagulat si Louella. Ang sabi kasi ng ama niya ay pinaalis na nito ang binata dahil ayaw naman niya ito bilang bodyguard. Nang tumawag siya sa Ninong Roy niya, ang sabi nito ay umuwi raw si Adam sa probinsya. Bakit ngayon ay naririto ang binata?